APRIL 2020

VERDUGO JOBS CENTER

AN AMERICA'S JOB CENTER OF CALIFORNIA

MADALAS NA KATANUNGAN TUNGKOL SA SEGURO SA KAWALAN NG TRABAHO

Ang sumusunod ay mga nakolektang mga katanungan na natanggap ng Verdugo Jobs Center tungkol sa seguro sa kawalan ng trabaho (unemployment insurance o UI), at natipong pananaliksik mula sa Employment Development Department (EDD) bilang tugon sa mga katanungan. Ang Verdugo Jobs Center ay hindi awtorisadong sumagot sa mga katanungan tungkol sa mga partikular na claim sa UI. Para sa mga karagdagang katanungan, mangyaring makipag-ugnay sa Employment Development Department.

ANG VERDUGO JOBS CENTER AY PATULOY NA NAGBIBIGAY NG VIRTUAL NA SERBISYO

Tumawag sa
(818) 937-8000

Ano ang aking gagawin kung hindi ako sigurado kung ako ay karapat-dapat makatanggap ng benepisyo ng UI? Kung hindi ka sigurado kung maaari kang makatanggap ng mga benepisyo sa UI, ituloy mo pa rin ang pagsusumite ng claim. Ang EDD ang magpapasiya sa kung sino ang maaring makatanggap ng benepisyo.

Ang UI ba ay para lamang sa mga Mamamayan ng Estados Unidos? Hindi. Sinumang mayroong dokumento ng Karapatang Magtrabaho at tumatanggap ng sahod mula sa pagtatrabaho ay maaaring mag-apply.

Ano ang pinakamahusay na paraan upang matiyak na maisusumite ko ang lahat ng kinakailangang impormasyon? Gamitin ang UI Checklist para sa pagkolekta ng impormasyong kinakailangan upang mag-apply para sa mga benepisyo at mag-apply sa pamamagitan ng EDD UI Online mula sa iyong personal na computer o mobile phone. Ang panonood ng UI video tutorial ng EDD ay makakatulong rin bago simulan ang proseso ng aplikasyon.

May mga pagbabago ba sa aplikasyon sa UI dahil sa COVID- 19? Simula sa Biyernes, ika-27ng Marso, ang mga manggagawang mag-aaply ng UI ay papipiliin ng mga opsyon sa “drop-down menu” ng aplikasyon kung saan nakasaad ang coronavirus bilang kadahilanan ng kawalan ng trabaho o ng pagbaba ng sahod. Maaaring may karagdagang pagbabago habang ginagawa ang mga updates.

Gaano katagal bago matanggap ang bayad ng UI? Dahil sa dami ng natanggap na claims sa kasalukuyan, hindi kami makapagbibigay ng tinatayang panahon.

Sa pangkalahatan, sa panahong ito, ang pagproseso ng claim ay maaaring mangailangan ng karagdagang panahon at maari ring kailanganin ng EDD na magtanong ng karagdagang impormasyon sa manggagawa kung:

1. Ang impormasyong isinumite ay hindi tugma sa mga talaan ng sahod;
2. Ang pagkakilanlan ng manggagawa ay hindi mapatunayan.

Kabilang sa mga halimbawang sitwasyon kung kailan ang claim ay maaaring maantala ang maling paguuri ng employer ng isang trabahador bilang independiyenteng kontratista sa halip na empleyado, o ang data ng isang manggagawa ay mali o nabaliktad nang i-report sa EDD, o ang aplikasyon ay hindi nakumpleto.

Sino ang ilalagay mong employer sa iyong aplikasyon kung ikaw ay isang korporasyon o independiyenteng kontratista? Karaniwan, ang employer ay ang entity na nagbabayad ng iyong sahod. Kailangan mong ilista ang kumpanya na nagpapasahod sa iyo. Kung ikaw ay hindi sigurado, maaaring makatulong ang video tutorial ng EDD .

Maaari ba akong mag-file ng maraming W2s? Oo.

Ano ang "Work Sharing Program"? Bisitahin ang Work Sharing Program website para sa detalye tungkol sa programang ito. Pinakamahalagang tandaan na ang employer ang dapat mag-apply sa programang ito, hindi ang empleyado.

Ano ang nararapat kong gawin kung kailangan ko ng karagdagang tulong? Kung kailangan mo ng tulong para makumpleto ang aplikasyon, maaari mong makita ang iyong lokal na America's Job Center of California at tumawag upang mag-iskedyul ng appointment sa telepono sa isang kawani ng EDD Workforce Services.

Maaari ba akong maging kwalipikado sa benepisyo dahil sa pagkawala ng trabaho mula sa estado at gayun din sa pederal na benepisyo? Depende sa iyong kalagayan, maaari kang maging kwalipikado sa dalawang benepisyo. Para sa pinakahuling impormasyon, manyaring sumangguni sa EDD's coronavirus webpage.

Kailangan ko bang hiwalay na mag-apply para sa pederal na benepisyo sa unemployment? Ang EDD ay mabibigay ng pinakabagong patnubay sa mga manggagawa sa kanilang coronavirus webpage.

Para sa mga karagdagang katanungan at kasagutan ukol sa mga benepisyo sa pagkawala ng trabaho, bisitahin ang EDD's FAQs page.

V J C
Verdugo Jobs Center
America's JobCenter of California